

Patient Notice of Non-Discrimination

Ang Diskriminasyon ay Labag sa Batas

Sumusunod ang Sage Dental sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi ito nandidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian (naaayon sa saklaw ng diskriminasyon sa kasarian na inilarawan sa 45 CFR § 92.101(a)(2)). Ang Sage Dental ay hindi nagbubukod ng mga tao o tinatrato sila nang hindi gaanong mabuti dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian.

Sage Dental:

- Nagbibigay sa mga taong may mga kapansanan ng mga makatwirang pagbabago at libreng naaangkop na auxiliary na tulong at serbisyo upang mabisang makipag-ugnayan sa amin, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pakumpas
 - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format).
- Nagbibigay ng mga libreng serbisyong tulong sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, na maaaring kabilangan ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika.

Kung kailangan mo ng mga makatwirang pagbabago, naaangkop na auxiliary na tulong at serbisyo, o serbisyong tulong sa wika, makipag-ugnayan kay Sage Dental Compliance Officer.

Kung naniniwala kang nabigo ang Sage Dental na ibigay ang mga serbisyong ito o nandiskrimina ito sa ibang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kang maghain ng karaingan kay: Leah Garrett, Compliance Officer, 6600 Congress Ave, Suite 150, Boca Raton FL 33487, compliance@mysagedental.com. Maaari kang maghain ng karaingan nang personal o sa pamamagitan ng koreo, fax, o email. Kung kailangan mo ng tulong sa paghain ng karaingan, handang tumulong sa iyo si Leah Garrett, Compliance Officer.

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng Office for Civil Rights Complaint Portal, na nasa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>, o sa pamamagitan ng koreo o telepono sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)

Makakakuha ng mga form para sa reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

Ang abiso na ito ay nasa website ng Sage Dental: <https://mysagedental.com/nondiscrimination/>.